

# **Ang Kapalit ng Pagsunod...**

(Pambungad na Panalangin, pahina ii)

## **I. ANG TATLONG PAGBASA**

### **UNANG PAGBASA** (Kar 9: 13 -18a)

<sup>13</sup>“SINONG tao ang makatatarok ng kaisipan ng Diyos? Sino ang makaaalam ng kalooban ng Panginoon? <sup>14</sup>Kapos ang kaisipan ng tao at marupok ang aming mga panukala. <sup>15</sup>Sapagkat ang aming kaluluwa ay binabatak na pababa ng aming katawang may kamatayan. Ang aming katawang lupa ay pabigat sa isipang punung-puno ng mga panukala. <sup>16</sup>Nahihirapan kami para mahulaan man lamang ang nilalaman ng daigdig; nahihirapan din kami upang malaman kung ano ang mga bagay sa paligid namin, sino, kung gayon, ang makauunawa sa mga bagay na makalangit? <sup>17</sup>Walang makaaalam ng inyong kalooban malibang bigyan mo siya ng iyong Karunungan, at lukuban ng inyong diwang banal mula sa kaitaasan. <sup>18</sup>Sa ganitong paraan lamang maiwawasto mo ang mga tao sa matuwid na landas.”

**Tema: Ang Kalooban ng Diyos**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Nabibilang ang aklat ng Karunungan sa mga aklat na Deuterocanonico, sa madaling sabi, hindi ito makikita sa Canon ng Hebreo.
- Bilang mga Katoliko, kinikilala natin ang aklat na ito bilang kanonikal sapagkat matatagpuan ito sa Septuagint (LXX, Griyegong salin ng Hebreong Bibliya).
- Sa b. 13, makikita ang dalawang tanong na may paralelismo:  
Sino ang makaaalam ng kalooban ng Diyos?  
// Sino ang makauunawa sa kagustuhan ng Diyos?
- Wala - ang inaasahang kasagutan.



- Matatagpuan ang dahilan sa b. 15 – 16:  
-Pagkat ang tao ay marupok, hindi sigurado  
-Pabigat lang ang ating katawang lupa at nagbibigay ng ligalig ang nilalaman sa daigdig. (Ginugulo ang ating isipan ng maraming alalahanin. Hindi tayo maka-pokus. Hindi makaakyat sa langit ang ating kaisipan.)
- Ang b.17 ay isa pang katanungan tulad ng b. 13.

### **PAGNINILAY**

Walang sinumang tao ang makatatarok sa isip (nais, karunungan) ng Diyos. Limitado ang ating kaisipan sa pag-uunawa sa mga ninanais at balakin ng Diyos.

Ang mga dahilan: tayo ay natatakot, hindi sigurado, mortal at mayroong mga materyal na alalahanin. Hindi nga natin lubos na matanto yaong mga naririto sa daigdig na siyang malapit na sa atin.

### **SALMO RESPONSORYO** (Slm 89)

**POON, AMIN KANG TAHANAN NOON,  
NGAYON AT KAILANMAN.**

**IKALAWANG PAGBASA** (Flm 9-10; 12 - 17)

<sup>9</sup>PINAKAMAMAHAL KO, akong si Pablo, sugo ni Kristo Hesus at ngayo’y nakabilanggo dahil sa kanya, <sup>10</sup>ang nakikiusap sa iyo tungkol kay Onesimo, na naakit ko sa pananampalataya samantalang ako’y naririto sa bilangguan.

<sup>12</sup>Pinababalik ko siya sa iyo, at para ko nang ipinadala sa iyo ang aking puso. <sup>13</sup>Ibig ko sanang panatilihin siya sa aking piling, upang, sa halip mo, siya ang maglingkod sa akin habang ako’y nabibilanggo dahil sa Mabuting Balita. <sup>14</sup>Ngunit ayokong gawin iyon nang wala kang pahintulot upang hindi maging sapilitan kundi kusa ang pagtulong mo sa akin.

<sup>15</sup>Marahil, nawalay sa iyo nang kaunting panahon si Onesimo upang sa pagbabalik niya’y makasama mo siya habang panahon—<sup>16</sup>hindi na bilang alipin kundi isang minamahal na kapatid. Mahal siya sa akin, ngunit lalo na sa iyo—hindi lamang bilang isang alipin kundi isang kapatid pa sa Panginoon!

<sup>17</sup>Kaya’t kung inaari mo akong tunay na kasama, tanggapin mo siya tulad ng pagtanggap mo sa akin.

**Tema: Onesimus, isang Katuwang na Kapatid**

**PAGPAPALIWANAG**

- Ang liham kay Filemon ang pinakamaiksi sa mga liham ni San Pablo.
- Hinihikayat ni Pablo si Filemon na muling tanggapin ang kanyang aliping umalis, hindi bilang utusan o alipin ngunit ngayon bilang kapatid (b.16). Ang dahilan: Si Onesimo (sa pamamagitan ng binyag) ay naging anak ni Pablo (b. 9).
- Tumakas si Onesimo sa kanya (matapos siyang lokohin, b.18) upang makasama ni Filemon habang buhay (b.15).
- Sa kanyang pagbabalik, hindi na siya alipin, bagkus kapatid, isang tao, sa Panginoon.
- Sumasamo si Pablo sa Kristiyanong pamamaraang pag-akay kay Filemon at sa

pagiging katuwang nito sa pagpapahayag ng pananampalataya (b.17).

**PAGNINILAY**

Nakakulong si Pablo (sa Roma), hindi siya malaya, ngunit marubdob niyang naipahahayag ang kalayaan ni Onesimo (na nanggaling sa Colossas) sa kanyang kaibigan na si Filemon.

Itinuturing ni Pablo na siya ay matanda na at isang ama para kay Onesimo sa pamamagitan ng kanyang binyag.

Sa ating pagiging Kristiyano, pinalalaya tayu. Hindi na tayu dapat magiging alipin.

**MABUTING BALITA** (Lc 14:25-33)

<sup>25</sup>NOONG panahong iyon, sumama kay Hesus ang napakaraming tao; humarap siya sa kanila at kanyang sinabi, <sup>26</sup>“Hindi maaaring maging alagad ko ang sinumang umiibig sa kanyang ama at ina, asawa at mga anak, mga kapatid, at maging sa sarili niyang buhay nang higit sa akin.” <sup>27</sup>Ang sinumang hindi magpasan ng sariling krus at sumunod sa akin ay hindi maaaring maging alagad ko. <sup>28</sup>Kung ang isa sa inyo’y nagbabalak magtayo ng tore, hindi ba uupo muna siya at tatayahin ang magugugol para malaman kung may sapat siyang salaping maipagpapatapos niyon? <sup>29</sup>Baka mailagay ang mga pundasyon ngunit hindi naman maipatapos- siya’y kukutyain ng lahat ng makakikita nito. <sup>30</sup>Sasabihin nila: ‘Nagsimulang magtayo ang taong ito pero hindi naipatapos.’ <sup>31</sup>O sinong hari na makikipagdigma sa kapwa hari ang hindi muna uupo at pag-aaral ang mabuti kung ang sampunlibo niyang kawal ay maisasagupa sa kalaban na may dalawampunlibong tauhan? <sup>32</sup>At kung hindi niya kaya, malayo pa ang kalaban ay magsusugo na siya ng mga kinatawan upang makipagkasundo. <sup>33</sup>Gayon

din naman, hindi maaaring maging alagad ko ang sinuman, kung hindi niya tatalikdan ang lahat sa kanyang buhay.”

**Tema: Pagiging Alagad**

## PAGPAPALIWANAG

- Nakapagpapalakas ng loob ang mga salitang napakaraming tao sa b. 25. Nangangahulugan lamang ito na maraming tao ang naglalakbay kasama ni Hesus, nakikinig sa kaniya.
- Mayroong tatlong itinuturo si Hesus tungkol sa pagiging mabuting tagasunod: Una, ang talikdan ang mga mahal sa buhay (b.26). Ikalawa, ang pasanin ang sariling krus at sumunod sa kanya (b.27). Ikatlo, ang talikdan ang lahat ng ari-arian (b.33). Kinakailangan ang tatlong pamantayan sa pagsunod kay Hesus.
- Bilang isang Kristiyanong alagad hinihiling na talikdan natin ang ating mga personal na ugnayan, ang anumang nagpapaginhawa sa atin, at ang ating mga ari-arian.
- Itinuturo ng una sa dalawang talinhaga tungkol sa pagsunod kay Hesus na isiping mabuti kung ano ang maaari nilang ipagpaliban nang matugunan ang tawag.
- Itinuturo rin naman ng ikalawang talinhaga na mag-isip ng mabuti, maging matalino at diplomatiko.
- Parehong itinuturo ng dalawang talinhaga na maging matalinong mga tagasunod.
- Kung susunod tayo kay Hesus, dapat tuluy-tuloy hanggang sa huli. Bago pa man natin suungin ang hamon, alam mo nang makakaya mo ito. Mayroon kang bukal ng lakas at kakayahan.
- Hindi ka sumusuko sa gitna ng laban, wala itong atrasan.

## PAGNINILAY

Malaki ang inaasahan ni Hesus sa lahat ng nagnanais na maging alagad niya.

Walang halong biro... He means business, ika nga sa Ingles.

Upang maging tagasunod ni Kristo – nangangahulugan ito ng pagpili sa mga bagay na mas mahalaga (Kaharian ng Diyos).

Isa itong radikal na pagsunod sa yapak ni Hesus.

Hindi ito simpleng pagtuklas ng kaalaman tapos balik din sa makasariling gawain.

Isa itong pakikipaglakbay kasama si Hesus (patungo sa bundok ng Kalbaryo).

## II. PAG-UUGNAY

Tinatalakay ng Unang Pagbasa ang kalooban ng Diyos. Isinasalaysay naman sa Ikalawang Pagbasa ang kalayaan ni Onesimus. Tinatalakay naman ng Ebanghelyo ang kahalagahan ng Pagsunod kay Hesus.

Ganap na pagsunod ang inihahain sa atin ng Sakramento ng Eukaristiya.

## III. SALAMIN NG BUHAY

1. Inaasahan ng pamahalaan na magbayad tayong mga Filipino ng tapat at tamang buwis.
2. Krisis ng tubig sa Metro Manila – artipisyal or natural?
3. Mayroon bang paglago ng pakikibahagi sa lipunan (social involvement) ng mga taga-parokya sa inyong local na simbahan?
4. Kapistahan ng Kapanganakan ng Mahal na Birheng Maria ang ika – 8 ng Setyembre. Ano ang ating gagawin upang siya ay parangalan? (HM)

**Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM**  
**Isinalin ni Cl. Buen Andrew dC. Cruz, SSP**

(Pangwakas na Panalangin, pahina ii)